# Ang Pihit tungong Emergency Remote Learning ng English Bridge Program sa Gitna ng Pandemya

( The Shift to Emergency Remote Learning of the English Bridge Program amid the Pandemic)

---

*Mariyel Hiyas C. Liwanag*

**ABSTRAK**

Tinalakay sa papel na ito ang karanasan ng pagpapatupad ng isang programang ekstensyon gamit ang narrative inquiry at emergency remote learning. Layunin ng papel na ito na ibahagi ang karanasan sa paghahanda ng isang buong asingkronus na emergency remote learning para sa isang Bridge Program para sa asignaturang Ingles. Isinalaysay sa papel na ito ang paghahanda at pagpapatupad ng emergency remote learning para sa mga papasok pa lamang na mag-aaral sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños, magmula sa pagpili ng learning management system, pagsulat ng mga modyul, paglikha ng mga pagtatasa ng angkop sa klase, at pagpili ng mga midyum pangkomunikasyon. Bagaman mayroong mga puwang sa pagpapaunlad ng ipinatupad na programa sa emergency remote learning, mayroong mga praktika na maaaring gamitin at ihanda para sa ganitong pihit sa

pagtuturo. Sa maikling panahon na ibinigay sa paghahanda ng programa, tiniyak na makalalahok ang lahat ng mga mag-aaral. Siniguro na aksesible sa mga mag-aaral ang mga materyal, gawain at komunikasyon. Dagdag, pinaigting rin ang pagtatasa at komunikasyon upang mawala ang pangamba lalo na at kalakhan sa kanila ay mula sa pisikal na silid-aralan kung saan nagkikita-kita ang guro at ang mga mag-aaral bago pumasok sa unibersidad.


## ABSTRACT

The paper discusses the experience of developing the program in an emergency remote learning setup. This paper aims to share the experience of preparing an asynchronous emergency remote learning for an English Bridge Program. This article specifically narrates the experience of preparing and executing an emergency remote learning for incoming students of University of the Philippines Los Baños, particularly in choosing of the learning management system and modes of communication, writing of modules intended for the program, and crafting of assessments appropriate for the class. Despite the short time given to prepare for this, the program made sure that all student-participants can participate. Accessibility to materials, activities, and communications were specifically made sure. Additionally, the assessments or feedback, and the modes of communication were recalibrated and reinforced in the program to make sure that students feel comfortable with the setup, given that most of them came from face-to-face classes prior to coming in the university.


*Mga susing ideya: bridge program, emergency remote learning, education in emergencies, COVID-19 pandemic, narrative inquiry*

## Ang Agarang Distance Learning sa Gitna ng Pandemya

Dahil sa pandemyang dulot ng COVID-19, pumihit ang mga pang-akademikong institusyon tulad ng UP na tinawag itong remote learning. Iba man ang katawagan, naroroon ang mga katangian ng distance learning. Bagaman sinabi ni UP Vice President for Academic Affairs Cynthia Bautista na matagal naman nang pinaghahandaan ng UP kung papaano maipagpapatuloy ng isang mag-aaral ang kanyang pagkatuto bagaman mayroong mga suspensyon ng mga klase dahil sa sakuna, kalamidad o anumang kaganapang pulitikal o sosyal, nagsilbing catalyst ang pandemya para tuluyang ipatupad ang remote learning sa inilabas na Memorandum Blg. 2020-068 ng Opisina ng Bise-Presidente sa Pang-akademikong Gawain (Office of the Vice President for Academic Affairs o OVPAA) (*Academic Plans for AY 2020-2021 and Timetable for Dialogues with Faculty, Students, Staff and Concerned Parents*, 1).

Noong ika-9 ng Marso ng 2020, nakatanggap ang mga guro ng Memorandum Blg. 2020-31 mula sa OVPAA na nagsasabing kinakailangang lumipat patungong blended learning dahil sa mga napapabalitang kumpirmadong kaso ng lokal na hawahan ng COVID-19 at gamitin ang mga sistema sa pangangasiwa ng pagkatuto (learning management system o LMS) na mayroon ang bawat constituent university (*Academic Contingency Plan in the Light of COVID-19*, 1). Sinundan ito ng panibagong OVPAA Memorandum Blg. 2020-35 na nagsasabing kinailangang tiyakin ng mga guro ang kanilang mga mag-aaral at ang teknolohikal na akses ng mga ito, at isaayos ang mga kurso angkop sa mga LMS tulad ng University Virtual Learning Environment o UVL*ê* , Google Classroom, Edmodo, at iba pa.(*Academic Contingency Plan in Light of COVID-19: Part II,* 1-2), ngunit pagdating ng ika-17 ng Marso sa parehong taon, nagsuspinde na rin ng klase ang kalakhan sa mga kampus yunit ng UP batay sa Memorandum Blg. 2020-38 ng OVPAA (*Suspension of Classes in All UP Constituent Universities except UP Open University, Lifting of Deadline for Dropping and Filing of Leave of Absence for the Second Semester AY 2019-2020*, 1).

Bago pa maipatupad ang remote learning sa Unang Semestre sa papasok na Pang-akademikong Taon ng 2020-2021 sa lahat ng kampus yunit ng UP noong Setyembre, kinailangan nang gawin kaagad ito para sa Bridge Program ng Learning Resource Center (LRC) ng UP Los Baños (UPLB). Sa

panahong pinag-uusapan pa lamang ang magiging kabuuang giya ng Unibersidad sa susunod na pang-akademikong taon, nagsimula na ang pagpaplano para sa Bridge Program sa pangunguna ng LRC. Nagsimula na ang LRC kasama kaming ilang mga guro mula Departamento ng Humanidades sa paglipat ng UPLB English Bridge Program patungong online. Mayroong layon ang isang bridge program na punan ang puwang sa pagitan ng antas ng kaalaman at kasanayan na inaasahan sa isang mag-aaral at ng aktwal na kaalaman at kasanayan ng isang mag-aaral (McGarth & Bailey, 5) at sa kaso ng UPLB, taunang isinasagawa ang UPLB Bridge Program upang tugunan ang puwang sa inaasahan at sa aktwal na kasanayan ng mga pumasa sa entrance exam ngunit may relatibong kinakailangang pagpapaunlad sa ilang disiplina tulad ng Math at/o Ingles (Jonas).

Partikular na layunin ng papel na ito na isalaysay ang karanasan sa pagsasaayos ng pagtuturo ng Ingles bilang Ikalawang Wika sa mga papasok na mag-aaral ng UPLB sa pamamagitan ng emergency remote learning. Upang matagumpay na mailahad ito, tatalakayin ang mga sumusunod na layunin: ilarawan ang Bridge Program ng UPLB at isalaysay ang paghahanda at pagpapaunlad sa kondukta ng asingkronus na klase. Natatangi sa paglalahad ng karanasan ng pagpapatupad ng programa gamit ang emergency remote learning ang saklaw ng papel na ito, partikular ang mga salik at proseso sa paglikha ng mga modyul para sa programa, ang pagsasaayos ng LMS, ang pagpili sa mga paraan ng komunikasyon, at ang pagsasaayos ng mga paraan sa pagtatasa.

Layon ng papel na ito na maibahagi ang karanasan ng isang guro sa pagtuturo ng Ingles bilang isang gawaing ekstensyon at itala ang mga tagumpay at mga kinakailangang pagpapaunlad gamit ang estratehiyang emergency remote learning. Ayon kina D. Jean Clandinin at F. Michael Connelly, partikular na mahalaga ang pagkukuwento o naratibo sa pagpapaunlad ng pagtuturo (Craig, 29). Partikular ngayon sa danas ng mga guro sa mabilisang transisyon mula face-to-face na klase tungong online, mahalaga ang pagsisinop ng mga naratibo ng mga guro para sa pagbubuo ng diskurso ng danas ng mga guro sa kasalukuyan at ng remote learning setup sa ating bansa. Mahalaga na maitala ang naunang danas ng mga guro sa paghahanda at pagpapadaloy ng isang remote learning na klase sa gitna ng pandemya kung saan may ekonomikal at pangkalusugang danas rin ang mga mamamayan.

Isinalaysay sa papel na ito ang karanasan sa paghahanda at pagsasaayos ng isang guro sa pagtuturo ng Ingles bilang Ikalawang Wika (English as a Second Language) sa gitna ng pandemya. Gamit ang Autobiographical Narrative Inquiry bilang isang metodo sa kalitatibong pag-aaral, gagalugarin ng papel na ito ang pinagdaanang proseso ng isang guro para maipagpatuloy ang pagtuturo. Ayon kay D. Jean Clandinin at J Huber (437), maituturing espesyal na porma ang ganitong klaseng naratibo at masasabing malapit sa disiplina ng autoethnography. Tinalakay ni Jerome S. Bruner ang ganitong klaseng naratibo sa kanyang artikulong *Life as Narrative.* Dalawa ang kanyang argumento hinggil sa paggamit ng metodong ito: una, ang bentahe ng pagkukuwento bilang isang mabisang paraan para mailarawan ang "lived time" at ikalawa, ang ugnayan sa pagitan ng naratibo at buhay mismo (Bruner 692). Sa esensya, ayon kay Bruner (692) nililikha natin ang pagtingin natin sa buhay gamit ang parehong proseso ng pag-iisip kung papaano natin nililikha ang ating mga naratibo.

Ginagamit na batayan ang Narrative Inquiry sa sektor ng edukasyon, bagaman hindi lamang maisasara ang metodo sa temang ito. Marami nang serye ng mga kumperensya na partikular sa paksa ng educational narrative inquiry lalo pa at kinikilala ang pagkukuwento ayon kina D. Jean Clandinin at F. Michael Connelly (Chan, 25) bilang isang metodo ng pagninilay sa personal na kaalaman ng isang guro sa kanyang praktika at kung paano ito nabubuo. Marami nang nailimbag na pag-aaral ang gumamit ng narrative inquiry bilang metodo sa pagbabahagi ng karanasan, partikular ng mga guro para sa pagpapaunlad sa proseso ng pagtuturo. Ilan sa mga ito ay mga unang henerasyon ng pag-aaral na ginamitan ng narrative inquiry at gumagalugad sa imahe at pagkakakilanlan ng isang guro, naratibo sa buhay ng isang guro o mag-aaral sa loob ng silid-aralan, pagtatasa sa kaalaman at gawain ng isang guro at ang mga konteksto nito (Craig, 21-25), ang konteksto ng mga Hong Kong Chinese learner bilang pasibong mag-aaral (Chan), ang mga karanasan sa pagtuturo ng pagbasa at mga estratehiya nito sa mga high school student (Crump), ang karanasan ng isang pre-service na guro sa practicum (Widya, Fatima & Santiana), at pagtuturo ng STEM sa mga bulag na estudyante sa high school (Villanueva & Di Stefano). Sa pag-aaral na ito, tatalakayin ang danas ng isang guro sa pagtuturo ng Ingles bilang paghahanda sa kolehiyo ng mga papasok na freshmen na may iba't ibang kalagayang teknolohikal, partikular sa gitna ng pandemya.

Para sa rekonstruksyon ng mga pangyayari sa Bridge Program, binalikan ng mananaliksik ang lahat ng borador ng mga modyul, ang LMS kasama ang mga aktwal na gawain ng mga mag-aaral, ang mga paraan ng pagtatasa at ang mga midyum ng komunikasyon. Mula sa mga ito, sinubok ng mananaliksik na balikan ang naging danas sa paghahanda at pagtuturo ng Ingles bilang Ikalawang Wika sa modang asingkronus sa ilalim ng emergency remote learning.

## Ang Emergency Remote Learning

Maraming pananaliksik at mahabang panahon ng paghahanda ang ginagawa para maging angkop ang remote learning para sa guro at mga mag-aaral. Tumatagal ng anim hanggang anim na buwan ang inilalaan para sa pagpaplano, paghahanda at pagpapaunlad ng isang buong kursong pang-remote learning (Hodges, et al.). Ngunit hindi ganito ang panahon na nakalaan para sa isang emergency remote learning. Sinasabi ni Charles Hodge at ng kanyang mga kasamahan na hindi maaaring maihalintulad ang emergency remote learning sa online learning, lalo na sa mga dapat asahang kalalabasan. Dagdag, tinatasa ang emergency remote learning ayon sa kung paano nito tinugunan ang mga sumusunod: isyu at pangangailangan, mga estratehiya angkop sa kalagayan ng guro, badyet, at pagiging posible ng pagsasagawa ng programa, masinop na pagdodokumento at pagtatasa ng kabuuang implementasyon, at ang gastos at kinalabasan ng programa (Hodge, et al.)

Bunsod ng krisis pangkalusugan na dulot ng COVID-19, marami ang gumamit ng emergency remote learning bilang estratehiya sa ipagpatuloy ang pagtuturo. Mayroong mga pag-aaral na nakatutok sa bahagi ng mga mag-aaral. Halimbawa, isinagawa nina Khadijah Mukhtar, Kainat Javed, Mahwish Arooj at Ahrsan Sethi ang mga bentahe, limitasyon at rekomendasyon sa pagsasagawa ng onlayn na pag-aaral ng mga undergradwadong mag-aaral sa medisina sa gitna ng pandemya. Sa pag-aaral naman ni Maila Rahiem sa Indonesia, itinala niya ang mga buhay na karanasan ng mga mag-aaral gamit ang parehong moda sa pagkatuto. Bagaman tinukoy sa kanilang mga pananaliksik na mahahalagang salik ang estado ng kahandaan at aksesible, ang mga salik pang-guro, pagtatasa, pagkatuto, at mga isyung pansarili, tinukoy ng kanilang pananalisik na hindi

maituturing kritikal na puntos sa paghahanda ang ilang mga isyung pangguro, pagtatasa at sa kaluguran ng mga mag-aaral sa emergency remote learning.

Liban pa sa mga pananaliksik na may kinalaman sa mag-aaral, mayroon ring pananaliksik na nakatuon sa mga magulang lalo na at sila ang pisikal na nakakasama ng mga mag-aaral. Sa artikulo nina Michael Thomas at Cathy Rogers, ibinuod nila ang mga konsiderasyon ng mga magulang sa kalusugang mental ng mga mag-aaral at ang pagiging "stand-in-teachers" nila (Thomas & Rogers, 87-90).

Samantala,mga rekomendasyon naman sa pagsasagawa ng emergency remote learning ang tinalakay ng iba pang mga pag-aaral. Halimbawa, tinalakay nina Peter Vollbrecht at kanyang mga kasamahan ang mga suhestyon nila sa paghahanda ng emergency remote learning batay sa kanilang karanasan sa paggamit nito para sa mga mag-aaral ng medisina sa unang taon sa isang unibersidad sa Michigan ng Estados Unidos, at ibinahagi nila ang halos dalawang linggong preparasyon nila para rito. (Vollbrecht, et al., 722). Samantala, tinukoy naman nina Fernando Ferri, Patrizia Grifoni at Tiziana Guzzo ang mga hamon sa emergency remote learning tulad ng mga isyung teknolohikal, pedagohikal, at sosyal sa Italya. Kalakhan ng mga pananaliksik na nabanggit ay nasa kalagayan ng ibang mga bansa. Nais punan ng pag-aaral na ito ang kakapusan ng mga pananaliksik na tungkol sa aktwal na danas sa paghahanda ng isang emergency remote learning.

## Mga Paghahanda at Pagsasaayos para sa Bridge Program

At dahil taunang programa ang Bridge Program sa UPLB, naitakda na ang pangkalahatang saklaw nito bago pa magpandemya: bigyang tutok ang batayan hanggang abanteng balarila o grammar, pagsusuri ng iba't ibang teksto bilang bahagi ng pananaliksik at pagsusulat nang teknikal. Pawang saklaw ang mga ito ng aming dating kurso na College English (ENG 1), isang dating General Education na kurso na kinukuha ng mga mag-aaral sa unang taon nila sa unibersidad. Mula rito, may laya na ang isang guro na magtakda ng bilang ng mga gawain o aktibidad, batay na rin sa komposisyon ng klase at antas ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Taunang sinisiguro rin ng LRC na mayroong karanasan sa pagtuturo ng kursong ENG

1 ang mga guro sa kanilang programa at ikinokoordina nila ang programa sa yunit ng mga nagtuturo ilang buwan bago ang simula ng programa. Para sa taong 2020 na Bridge Program, hindi binago ang pangkalahatang saklaw dahil inaasahang nalalaman ng isang mag-aaral ang mga paksa lalo na at ibinaba na sa K-12 ang kursong ENG 1 at hindi na itinuturo sa kolehiyo.

Dahil sa katangian ng Bridge Program bilang isang boluntaryong kurso na naghahanda ng mga papasok na mag-aaral sa buhay-akademiko, hindi makikita sa rekord ng mag-aaral sa unibersidad ang pinal na grado nito at hindi makaapekto sa pangkalahatang grado ng mag-aaral sa unibersidad ang anumang makuhang grado ng mag-aaral sa programa. At dahil boluntaryo lamang ang pagsali ng mag-aaral rito, may posibilidad rin na mayroong ilan na titigil sa gitna ng programa. Kung mangyari man ang pagtigil o hindi pagdalo, wala rin itong epekto sa kanilang pagpasok sa unibersidad sa susunod na semestre.

Bagaman may laya ang mga guro sa bilang at tipo ng gawain na ipagagawa sa kanilang mga klase, mayroong kaisahan sa pagbibigay ng grado. Kukunin ang pinal na grado mula sa pagsulat ng mga papel (50%), mga aktibidad sa klase tulad ng maiikling pagsusulit at mga ehersisyo (40%) at partisipasyon sa klase (10%). Maliban rito, mayroong pagsusulit bago at pagkatapos ng programa ang mga mag-aaral upang matasa ang pag-unlad nila sa paksa. Sa dulo ng programa, nakatatanggap ng grado ang isang mag-aaral, ngunit ito ay para lamang magkaroon sila ng karanasan kung papaano sila mamarkahan sa pagpasok ng opisyal na semestre. Nakatatanggap rin ng sertipiko ng pagtatapos ang mga mag-aaral na nakumpleto ang programa. Bagkus, ang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa Ingles at maihanda sila sa pagpasok sa unibersidad ang mga tanging layunin ng programa, kung kaya itinuturi itong serbisyong ekstensyon ng UPLB.

Sa mga nakaraang taon, isinagawa mismo ang Bridge Program sa loob ng UPLB, ngunit kinailangan itong isagawa nang onlayn dahil sa lockdown. Nagtagal ang programa ng isang buwan at tumakbo ito mula Hulyo 27 hanggang Agosto 28 ng 2020, ilang araw bago ang pagbubukas ng mga klase para sa unang semestre. Sa buong programa, araw-araw ang iskedyul ng mga klase mula 1:00 hanggang 3:00 ng hapon. Ito ang inaasahang bilang ng oras na dapat ilaan ng isang mag-aaral para sa programa.

Binubuo ng tatlumpung (30) mag-aaral, labingwalo rito ang babae at labindalawa ang lalake, ang aking klase at mga papasok na mag-aaral para sa iba-ibang digri ng UPLB ang lahat sa kanila. Bago ang pandemya, nasa 30-35 ang bilang sa isang klase batay rin sa bilang ng mga nais lumahok sa programa at bilang ng gurong handang magboluntaryo para sa programa.

Bago pa magsimula ang programa, inalam na ng koordineytor ng LRC ang kalagayang internet ng mga mag-aaral at nagkaroon ang mga guro ng kasunduan na mapupunta sa akin ang mga wala gaanong akses sa internet (hal. intermittent o hindi kaya ay naka-data lamang) dahil sa kasanayan ko sa pagtuturo ng asingkronus bago pa ang pandemya. Gumamit ng singkronus imbis na asingkronus ang ibang mga guro ng programa. Tinanggap ko ang hamon na ito kahit na may isang kaibahan ang mga mag-aaral ko sa asingkronus na klase bago ang pandemya at ang mga mag-aaral ko sa Bridge Program – ang kahandaan sa ganitong tipo ng pag-aaral. Sa ibang unibersidad na gumagamit ng asingkronus na moda ng pagtuturo, handa ang mga mag-aaral, samantalang nagmula sa face-to-face na tipo ng klase at maaaring magkaroon pa ng maraming adjustment sa paglipat tungong remote learning ang mga mag-aaral ng programa.

Tatlo sa aking klase ang naunang nagpaabot bago magsimula ang programa na ang akses nila sa internet ay sa pamamagitan ng mobile data; bagkus hindi makakapag-onlayn lagi. Bagaman maliit na bilang ito ng mga mag-aaral, layunin ng programa at ko bilang isang guro na gumawa ng paraan para maramdam ng mga mag-aaral na bahagi sila ng klase. Dagdag, layon rin na makalahok sila sa mga gawain at matapos ang programa. Partikular rin para sa akin lalo na sa pagtuturo nang asingkronus ang usapin inklusibong edukasyon. Ayon kay Suzanne Kirschner, iba-iba ang saklaw ng inklusibong edukasyon; may iba na nagsasabing partikular ito para sa mga mag-aaral na may kapansanang mental o pisikal habang may iba na pinalalawak ang saklaw nito hanggang sa marginalized na mga grupo ng lipunan (Kirschner 403).

Mas ginamit ko ang ikalawang depinisyon na may malawak na saklaw lalo pa at malaking usapin ang digital divide sa ating bansa sa paghahanda. Ipinahayag ni Ana P. Santos na pinaigting ng pandemya ang malaking problema ng mga mag-aaral pagdating sa akses sa internet, mapa-

pangunahing edukasyon hanggang kolehiyo. Hindi nalalayo rito ang kalagayan ng ilan sa mga mag-aaral ng programa kung kaya bitbit ng programa ang konsepto ng inklusibo sa paghahanda ng emergency remote learning, mula pagpili at pagsasaayos ng LMS hanggang midyum ng komunikasyon.

## Ang Pagpili ng Learning Management System para sa Klase

Unang inihanda para sa programa ang magiging LMS. Sa pagpili ng LMS na gagamitin, ang pagiging aksesible at ang dali sa paggamay ang mga pangunahing pamantayan isinaalang-alang. Pinili ng lahat ng mga guro ang Google Classroom dahil libre ito, mayroong malinis na hitsura at madaling aralin. Dahil sa mga katangian na ito, naging madali kinalaunan para sa mga mag-aaral na gamitin ito. Isang oryentasyon lamang ang aking ibinigay hinggil sa katangian at tamang gamit ng LMS at hindi na kinailangan ng paulit-ulit na paalala.

May ilang mga paaralan na ang gumagamit nito bago pa ang pandemya. Masasabi kong isa ang aming unibersidad sa gumagamit na nitong Google Classroom bago pa magpandemya. Ikalawa, dahil binubuhay ng Google ang mga opisyal na email ng mga guro at mag-aaral (@up.edu.ph), inaasahang ito rin ang isa sa mga LMS na gagamitin muna ng unibersidad dahil mayroon na ang lahat nito.

Nagpasya rin akong gawing asingkronus nang tuluyan ang klase sa buong programa dahil na rin sa pagnanais ko na hindi maging hadlang ang internet para makalahok ang lahat ng mag-aaral sa klase. Naniniwala rin ako na mabisang paraan ang asingkronus lalo pa at sa panahong iyon ng pandemya, nabura ang mga linya sa pagitan ng ating mga papel bilang magulang, anak, kapatid, guro o mag-aaral, at iba pa. Dagdag, mayroong mga mag-aaral na taliwas sa iskedyul ng klase ang mga libreng oras.

Mas pinaigting ng mga kuwento ng aking mga mag-aaral sa unang araw ng klase ang desisyon na tuluyang gawing asingkronus ang klase. Sa kanilang pagpapakilala ng sarili, marami sa kanila ang nagsabi na may mga karagdagan silang gawain sa bahay tulad ng pagtulong sa kabuhayan ng mga magulang o pag-aalaga sa mga nakababatang kapatid o kamag-anak.

May isang partikular na mag-aaral na nagbahagi ng kanyang karanasan bilang taga-deliver sa business, habang may isa naman na isinalaysay ang bagong gawain niya sa panahon ng kwarantina: ang pagluluto ng makakain ng kanyang mga kapatid. Karamihan sa kanila ang nagbahagi na bilang mas nakatatandang mga kapatid, sila ang inaasahan sa paggabay sa kanilang mga nakababatang kapatid sa pag-aaral at pagbabantay. Sa mga ganitong naratibo, mas pinatingkad nito ang pagsasabayan ng ating mga gampanin sa panahon ng kwarantina. Mula rito, mas malay ako sa pagbuo ng mga materyales kung saan dapat matalakay ang impormasyong kailangang matutunan habang pinanatili ang haba ng materyales na angkop sa oras na kayang ilaan ng mag-aaral.

Ayon rin naman sa rekomendasyon nina Vollbrecht at kanyang mga kasamahan, kinakailangang isaalang-alang ang iba't ibang time zone ng mga mag-aaral (Vollbrecht, et al., 723), bagaman sa konteksto ng mga klase sa programa, mas ang pagsaalang-alang ay ang oras na maaaring gumamit ang mga mag-aaral ng kanilang gadget. Binanggit rin nina Vollbrecht, Porter-Stransky at Lackey-Cornelison (723) na mahalagang pamantayan rin sa paghahanda ng emergency remote learning ang pagkakaiba-iba sa bilis ng internet. Ito rin ang naging mga konsiderasyon para gumamit ng Google Classroom sa modang asingkronus: kalagayan ng guro at mga mag-aaral at ang kasanayan sa paggamit ng platform.


Mahalaga ang pagbibigay-linaw sa mga mag-aaral sa kalakaran ng klase sapagkat mainam na paraan ito upang maiwasan ang pagkabigla sa mga mag-aaral. Sa umpisa ng programa, ipinaalam ko na sa kanila na kada Lunes ko ang paglalagay sa LMS ng mga materyal at gawain sa klase sa kabuuang linggo para makita nila ang kabuuang larga ng klase kada lingo. Sa gayon, makapagplano rin sila ng kanilang mga gagawin araw-araw. Iniwasan ko rin ang isang bagsakang paglalagay ng lahat ng materyal at gawain ng programa dahil maaari itong pagmulan ng pakiramdam na pagkagulat sa labis na nakikita. Sa ganitong lingguhang pagbibigay ng materyal at gawain, pagkakataon rin ito ng mga mag-aaral na nagtitipid sa data na i-download ang mga ito at gawin nang walang internet na ginagamit. Binigyang laya ko rin sila na sa pagpili ng oras na ilalaan para sa programa.

Sa pag-organisa ng kabuuang estruktura ng aking LMS, isinaayos ko ang bawat post sa pamamagitan ng mga numero bilang tatak ng pagkakasunud-sunod. Mayroong itinakdang apat na linggo para sa buong programa at mayroong tatak ang araw-araw na dapat gawin (tingnan ang Talahanayan 1).

*Talahanayan 1. Mga Paksa sa Learning Management System*

| Blg. ng Linggo | Petsa | Paksa | Blg. ng Linggo | Petsa | Paksa |
|---|---|---|---|---|---|
| Week. 1.1 | Hulyo 27 | Course Guide and Orientation | Week 3.2 | Agosto 11 | Organizing Ideas and Paragraphs |
| Week 1.2 | Hulyo 28 | Pre-test | Week 3.3 | Agosto 12 | Writing the Thesis Statement |
| Week 1.3 | Hulyo 29 | A Review of Basics | Week 3.4 | Agosto 13 | Writing Outlines for Essays |
| Week 1.4 | Hulyo 30 | Sentence Patterns | Week 3.5 | Agosto 14 | Preparing for my Expository Paper |
| Week 2.1 | Agosto 3 | Combining Sentences | Week 4.2 | Agosto 18 | The Introduction and Conclusion |
| Week 2.2 | Agosto 4 | More Practice Exercises | Week 4.3 | Agosto 19 | The Discourse of Academic Writing |
| Week 2.3 | Agosto 5 | Avoiding Plagiarism | Week 4.4 | Agosto 20 | Writing a Reaction Paper |
| Week 2.4 | Agosto 6 | Citations | Week 4.5 | Agosto 21 | Writing Your Reaction Paper |
| Week 2.5 | Agosto 7 | Major Academic Paper 1 | Week 5.1 | Agosto 24 | Post-test |
| Week 3.1 | Agosto 10 | Paraphrasing Practice | Walang bilang | Walang petsa | Tambayan |

Kinakatawan ng unang numero ang bilang ng linggo samantalang ang ikalawang numero ay para sa araw. Halimbawa, dapat gawin para sa una at ikalawang araw ng unang lingo ang Week 1.1 at Week 1.2 na mga nakapaskil . Para hindi malito ang mga mag-aaral, naglalagay rin ako ng petsa pagkatapos nito. Isang halimbawa ang tatak ko para sa Agosto 11 na makikita sa Litrato 1 sa ibaba: 'Week 1.4 (July 30): Sentence Patterns'.




*Litrato 1. Laman ng mga Dapat Gawin sa Isang Araw*

Naglalaman ang isang post ng mga sumusunod: gabay sa pag-aaral o study guide, ang modyul, mga *'Submission Bin'* kung saan nila isusumite ang kanilang sagot at ang paminsanang forum-type na mga talakayan, katumbas ng talakayan sa loob ng isang silid-aralan. Halimbawa, para sa Week 1.4 (July 30) na makikita sa Litrato 1 sa itaas, *'Sentence Patterns'* ang aming paksa at makikita na mayroon itong laman na gabay sa pag-aaral at lugar kung saan maaaring isumite ng mag-aaral ang dalawang pagsasanay na mamarkahan. Sa Talahanayan 1, makikita ang kabuuang mga paksa kada araw.

Tinalakay ang paksa sa gabay sa pag-aaral para sa araw na iyon, ang kahalagahan ng pag-aaral ng paksa, at ang mga dapat gawin. Naroroon rin sa gabay sa pag-aaral ang modyul at ang mga sagot sa ilang mga pagsasanay. Dagdag sa mga ito, makikita rin ang file size at uri ng file para maplano ng isang mag-aaral ang paggamit ng kanyang mobile data lalo na kung limitado ito. Halimbawa sa Week 1.4 na gabay sa pag-aaral (Week 1.4 – Study Guide sa Litrato 1), tinalakay ko na ang paksa na '*Sentence Patterns'* at itinahi ito sa kung paano ito makatutulong para sa mga susunod pang paksa. Idinagdag ko rin dito ang gabay kung ano ang dapat nilang magawa para sa araw na iyon: 1) basahin ang modyul, 2) sagutan ang mga pagsasanay at tsekan gamit ang mga answer key, at 3) isumite ang dalawang gawain.

Dahil asingkronus ang aming moda, ang modyul mismo ang naging lektura ko sa klase. Ang maipaliwanag sa madaling paraan ang mga konsepto sa mga mag-aaral ang pinakalayunin ng pagsusulat ng modyul.

Ginamit ko rin ang Google Classroom upang mas magkakila-kilala sila kahit na remote learning. Sa ilalim ng paksang "Tambayan," nagbahaginan ang mga mag-aaral ng kanilang mga pinagkakaabalahan at nakikipag-usap sa kapwa mag-aaral. Ilan sa mga tanong sa ilalim nito ay ang kanilang paboritong mang-aawit o grupo ng mga musikero, mga pelikula, at mga popular na websayt. Ang mga tanong ay walang kinalaman sa kurso at maaaring sagutin sa anumang wika. Isa pang halimbawang tanong ang "what skill do you wish to learn before you start your college life?" Hindi rekisito ang pagsagot sa mga tanong tulad nito at may mga pagkakataon na hindi lahat ay sumasagot.

Sa gitna ng programa, napansin ko na rin ang limitasyon ng libreng LMS na ito. Halimbawa, wala itong kakayahan na gumawa ng built-in quiz. Dahil rito, kinailangan kong gumamit ng suplementaryong mekanismo upang punan ito. Halimbawa, gumamit rin ako ng Google Form lalo na sa mga dagdag na obhetibong pagsasanay dahil sa katangian nito na kayang magtsek ng mga sagot. Sa ganitong paraan, real-time ring nakukuha ng mag-aaral ang tamang sagot. Kung mali man ang sagot, may isinulat akong pagpapaliwanag. Ikalawa, kinakailangang mag-onlayn ng mag-aaral para ma-akses niya ang mga materyal dahil walang pamimiliang oflayn na bersyon ang LMS. Ang ginawa na lamang ng guro ay ini-upload lahat ng mga

materyal at gawain para sa isang buong linggo bilang mga PDF file upang mabawasan ang mga panahon na kinakailangan nilang mag-onlayn.

Sa dulo ng programa, natanto ko na angkop pa rin ang LMS na ginamit bagaman may mga limitasyon ito pagdating sa mga maaaring gawin at ang kawalan ng modang oflayn nito. Dahil madaling unawain kung paano ito gagamitin, wala akong natanggap na isyu o problemang teknikal mula sa aking mga mag-aaral. Sa huli, isinaalang-alang rito ang mga dapat isaalang-alang sa pagpili at pagsasaayos ng LMS: ang kalagayan ng mga mag-aaral, ang kasanayan at ang suportang teknikal ng guro. Ito rin ang mga bagay na binanggit sa mga pagsusuring isinagawa ng ilang mga pananaliksik ukol sa emergency remote learning.

## Ang Paglikha ng mga Modyul para sa Bridge Program

Nagkaroon ng pulong oryentasyon ang mga guro sa programa kasama ang opisina ng LRC noong ika-3 ng Hulyo ng taong 2020 sa pamamagitan ng Zoom kung saan pangunahing pinag-usapan ang kabuuang giya ng Bridge Program. Sa pulong na ito rin napagkasunduan na kinakailangang lumikha ng mga modyul para sa programa para sa kaangkupan nito sa remote learning setup at para matugunan ang dalawang isyung natukoy naming mga guro. Dalawang isyu ang nakita namin sa pagpihit tungong emergency remote learning ng programa. Una ang usaping copyright ang unang isyu rito. Ang mga dating sipi mula sa iba-ibang libro na ginagamit noon para sa harapang pagtuturo sa Bridge Program bago magkaroon ng pandemya ay hindi maaaring bastang ipamahagi onlayn dahil maaari itong ituring isyu ng pamimirata at sa panahong iyon, hindi pa malinaw ang batayan ng UP hinggil sa distribusyon ng mga materyal. Ikalawa, malaking bagahe sa mga mag-aaral na basahin ang mga mahahabang teksto dahil araw-araw ang klase. Lalo pa at sa panahong iyon, matingkad ang isyu ng lockdown at kung paano ito nakaapekto sa kanilang mga personal na buhay at sa kalaunan maging sa kani-kanilang pag-aaral. Dahil sa mga problemang ito, napagdesisyunan naming mga guro na bumuo ng mga modyul partikular upang maging gabay ng mga mag-aaral para sa kabuuang programa. Ayon kina Charles Hodge, Stephanie Moore, Barb Lockee, Torrey Trust at Aaron Bond, maaaring magkaroon ng kakapusan sa mga materyal na maaaring gamitin sa pagsasagawa ng isang emergency

remote learning. Gayunman, binanggit nila na sa paglikha ng mga materyal sa ganitong moda, ginagamit pa rin ang tinatawag na universal design for learning (UDL). Pangunahing layunin ng UDL na gawing "fleksible, inklusibo, nakasentro sa mag-aaral (aking salin)" ang disenyo ng pag-aaral at pagsiguro na mayroong akses lahat ng mag-aaral sa mga babasahin, aktibidad, at anumang gawain. (Hodge, et al.)

Isinulat namin nina Prop. Diane A. Manzano at Prop. Patricia Camille D. Duremdes† ang labindalawang modyul para sa buong programa ng Ingles. Mayroong mga paksa ang bawat modyul, halaw sa mga paksa at layunin ng programa na makikita sa ibabang talahanayan.

*Talahanayan 2. Mga paksa kada modyul*

| Blg. ng Modyul | Paksa | Mga Gawain |
|---|---|---|
| Module 1 | A Review of Grammar Basics | Practice Exercise 1 hanggang 2<br>Graded Exercise 1 hanggang 4 |
| Module 2 | Sentence Patterns | Practice Exercise 1 hanggang 2<br>Graded Exercise 1 hanggang 3 |
| Module 3 | Transformations | Practice Exercise 1 hanggang 6<br>Graded Exercise 1 hanggang 2 |
| Module 4 | Combining Sentences | Practice Exercise 1 hanggang 2<br>Graded Exercise 1 |
| Module 5 | Avoiding Plagiarism (Paraphrase and Precis) | Practice Exercise 1 hanggang 2<br>Graded Exercise 1 hanggang 2 |
| Module 6 | Citations | Practice Exercise 1 hanggang 2<br>Graded Exercise 1 hanggang 2 |
| Module 7 | Paragraph Development | Practice Exercise 1 hanggang 2<br>Graded Exercise 1 hanggang 2 |
| Module 8 | The Thesis Statement | Practice Exercise 1<br>Graded Exercise 1 hanggang 2 |
| Module 9 | Writing Outlines for Essays | Practice Exercise 1 hanggang 2<br>Graded Exercise 1 hanggang 2 |
| Module 10 | The Introduction and the Conclusion | Practice Exercise 1<br>Graded Exercise 1 |

| | | |
|---|---|---|
| Module 11 | The Discourse of Academic Writing | Practice Exercise 1<br>Graded Exercise 1 hanggang 2 |
| Module 12 | Writing a Reaction Paper | Mga halimbawang papel 1 hanggang 5<br>Graded Exercise 1 hanggang 2 |

Naglalaman ang bawat modyul ng introduksyon sa paksa, mga layunin para sa paksang iyon, mga lektura-teksto na mayroong mga halimbawa, mga ensayong pagsasanay na maaari nilang tsekan, mga aktibidad na bibigyang marka, at mga sagot sa mga ensayong pagsasanay.

Sa introduksyon, sinimulan ito sa pagkonteksto kung bakit mahalagang talakayin ang paksa. Matapos ilatag ang konteksto, ilahad sa modyul kung ano ang mga layuning dapat makamit para sa paksang iyon. Halimbawa, para sa modyul na '*Combining Sentences,*' itinakda ang mga sumusunod na layunin:

1. *transform correctly active voice sentences to passive and vice versa;*

2. *generate questions or interrogatives based on given declarative structures; and*

3. *create our own questions and answers correctly.*

Upang maiwasan ang usapin ng copyright, nagsulat kami ng mga lektura-teksto batay sa kung paano namin itinuturo ang kurso kaysa gumamit ng mga teksto mula sa iba-ibang libro o artikulo. Halimbawa, para sa paksa ng 'Yes-No Transformation', isinulat namin kung bakit mahalaga na matutunan ang estandardisadong porma nito, at ang ang proseso para makabuo nito. Ipinaliwanag ang mga konsepto sa modyul gamit ang aming sariling paraan ng ekspresyon bilang mabisang paraan sa panahong iyon upang maiwasan namin ang isyu ng copyright at maiabahagi namin ang amin mismong kaalaman mula sa pagtuturo namin ng mga kursong Ingles sa Departamento. Malaking tulong sa aming pagsulat ang aming mga karanasan bilang mga guro sa Ingles dahil ang inaasahang laman ng programa para sa Ingles ay mga paksang tinalakay sa aming dating General

Education na kursong ENG 1 (College English). Bilang personal na halimbawa, malaking tulong na mayroong akong mga handang sariling-gawa na pagsasanay at aktibidad, maging mga lektura-teksto na dati-rati ay ginagamit ko sa kursong ENG 1 bago pa ito ibaba sa senior high school. Upang maiwasan ang pagkainip sa pagbabasa, mayroong isa hanggang anim na pagsasanay na maaaring sagutan sa gitna ng lektura-teksto. Ang mga ensayong pagsasanay (Practice Exercise sa modyul) ay mga pagsasanay na maaari nilang sagutan at tsekan nang mag-isa dahil makikita ang sagot sa dulong bahagi ng kada modyul. Hindi bahagi ng pagmamarka ang mga ganitong pagsasanay at nagsisilbi lamang bilang paghahanda sa mga gawaing mamarkahan. Sa huling bahagi ng modyul makikita ang isa hanggang dalawang gawaing mamarkahan.

Bagaman mahirap ang proseso ng pagsusulat sa loob ng maikling panahon, malaking bagay ang isinulat na mga modyul para sa mas madaling pagpapadaloy ng klase, lalo na sa asingkronus na moda sa buong programa. Madaling i-download ang kada modyul dahil sa liit ng file size nito. Tulad ng anumang isinusulat, mayroong mga bahaging maaari pang paunlarin batay sa gamit nito sa aking klase.

Mayroong ilang obserbasyon sa mga modyul at kung papaano ginagamit ng aking mag-aaral ang mga ito. Una, mahalagang paunlarin ang bai-baitang na pagpapaliwanag sa mga konsepto at pagbibigay ng mas marami pang halimbawa. May mga pagkakataon na may pag-aakala na sapat na ang paliwanag na naibahagi sa modyul, ngunit mayroon pa ring mga kinakailangang palawigin sa aktwal na gamit nito. May pagkakataon rin na may magmemensahe sa akin para linawin ang isang konsepto at kung maaari ay magbigay pa ng dagdag na halimbawa at paliwanag. Halimbawa, may nagmensahe sa akin sa Google Hangouts upang manghingi ng dagdag halimbawa ng mga 'predicate nominative' at 'predicate adjective'. Ikalawa, mahalaga ang maliwanag na panuto upang maiwasan rin ang mga paglilinaw.

May ilang mga gawain rin sa modyul sa aktwal na gamit nito na hindi malinaw ang panuto kung kaya mayroong tanong o paglilinaw mula sa mga mag-aaral. Halimbawa, may nagtanong kung tama bang gagawa sila ng bagong word file para sa kanilang sagot o idederetso nila bilang

komento. Ikatlo, kinakailangang paunlarin ang format at laman dahil may mga pagkakataon na nagmensahe ang mga mag-aaral na unang nakakadownload ng file. Isa pang halimbawa, may nagmensahe hinggil sa unang modyul at pinadalhan ako ng screenshot kung paano niya nakikita ang modyul at doon ko nakita na nasira ang format. May pagkakataon rin na may nagtanong kung saan makikita ang answer key para sa isang partikular na pagsasanay.

Ikaapat at huli, mainam na mayroong paliwanag ang mga sagot sa mga pagsasanay kada modyul, para mabilis ring maunawaan ng mag-aaral kung bakit iyon ang sagot. Mas mapapaunlad rin nito ang pagkatuto ng mag-aaral. Ang mga ito ay binigyang solusyon sa pamamagitan ng mabilis na aksyon sa bahagi ng guro sa aktwal na programa. Maagap na sinagot ang mga mensahe upang magbigay-linaw, sagutin ang kanilang mga tanong, at bigyang-aksyon ang mga isyung may kinalaman sa modyul. Agad ring ipinaalam sa klase ang mga pagbabago sa modyul.

Bagaman maraming mga dapat pang paunlarin sa mga modyul na aming ginawa para sa programa, malaking kaginhawahan para sa akin na isang guro sa asingkronus na klase at sa pagpapadaloy ng klase. Dahil mayroon akong mga mag-aaral na naka-mobile data lamang, madali rin para sa kanila ang akses sa mga modyul dahil hindi mabigat ang mga file at kaya nilang mag-aral nang hindi naka-konek sa internet. Ayon kay Rahiem (10), pagbabasa ng mga e-libro at e-jornal ang pinakakomon na mga midyum na gamit sa emergency remote learning sa Indonesia, at sinusundan ito ng YouTube at mga onlayn na video. Bagaman may bentahe ang pagiging tunog-biswal ng YouTube at iba pang mga platapormang katulad nito, hindi pinili sa asingkronus na moda ang mga ito dahil sa bandwidth. Kung mayroon mang kabilang sa modyul, nasa porma ito ng hyperlink at nananatiling opsyonal lamang ang pagbubukas para sa mga mag-aaral. Kung babalikan ang diwa ng UDL sa ilalim ng emergency remote learning (Hodge, et al.), nasagot nito ang pangangailangan ng pagiging aksesible at inklusibo sa lahat ng gagamit. Halos katumbas ng modyul na ito ang mga babasahin na madalas ring gamitin sa ibang mga emergency remote learning.

## Ang Paraan ng Pagtatasa sa Emergency Remote Learning

Sa pagbibigay-grado sa mag-aaral, mayroong tatlong grupo ng mga gawain na panggagalingan nito. Sa lahat ng mga klase sa Bridge Program, kabilang ang akin, inaasahang makapagsusulat ang mga mag-aaral ng iba't ibang uri ng sanaysay. Nagmula sa tatlong magkakahiwalay na papel ang kalahati ng kanilang grado. Labas pa sa pagsusulat ng papel, may mga aktibidad sa klase tulad ng mga pagsusulit at ehersisyo na mamarkahan rin (40%). Huli, inilaan ang 10% para sa talakayan sa klase. Ginagamit na ang rubrics na ito bago magpandemya at itinakda ng LRC sa aming mga guro bilang pamantayan. Sa paglipat sa remote learning ng programa, nakita naman namin na may paraan para matasa ang mga mag-aaral batay sa tatlong bahagi kung kaya hindi na rin namin ito binago.

Maliban sa tatlong bahagi ng mga gawain, rekisito para sa institusyon ng LRC ang mga pagsusulit bago at pagkatapos ng programa bago pa ang emergency remote learning at nakita rin ng mga guro ang kahalagahan nito. Napagdesisyunan rin naming mga guro na lumikha ng mga pagsusulit bago at pagkatapos ng programa na angkop sa remote learning upang masiguro ang pagiging tunay ng kanilang mga sagot o maiwasan ang anumang porma ng pagsisinungaling at pandaraya.

Sa ganitong uri ng pagtatasa, madali para sa aming makita kung ano ang mga bahagi na dapat naming mabigyang pansin at ano ang mga paksang maaaring pahapyawan lamang sa aktwal na programa. Ikalawang rason sa paggawa ng bagong tipo ng pagsusulit ay para matiyak ang patuloy na pagpapaunlad ng pagtatasa alinsabay sa pagpapaunlad rin ng daloy ng klase at ng paglikha ng mga modyul. Pareho ang estruktura ng dalawang pagsusulit ngunit nagkaiba lamang sa mga halimbawa. Nahati ang mga pagsusulit sa pitong bahagi na sumasaklaw sa iba't ibang paksang tatalakayin sa mga modyul at sa klase. May iskedyul ang dalawang pagsusulit na ito sa umpisa at dulo ng program na itinakda na ng LRC upang magkaroon ng panahon ang mga guro na magtsek ng mga gawain.


Nagkasundo rin kaming mga guro na magkaroon ng estandardisasyon sa uri ng mga papel na ipasusulat sa mga mag-aaral. Dahil ito ang pinagmumulan ng pinakamalaking bahagi ng kanilang grado at asingkronus ang klase, kinailangan kong maging maparaan sa pagbibigay ng mga gawaing mamarkahan at minabuti ko na may kinalaman sa

pagsusulat ng mga akademikong papel ang mga maliliit na gawaing may grado ayHalimbawa, para sa unang papel na narrative-descriptive, nagsimula ang klase isang forum kung saan kinakailangan nilang magpakilala sa kanilang mga kaklase at sagutin ang tanong na "what have you been doing since the beginning of the community quarantine?" sa loob ng isang talata. Sa una nilang gawain (Graded Exercise 1.1), kinailangan nilang balikan ang kanilang sagot sa forum at paunlarin ang kanilang talata gamit ang tinalakay na listahan ng mga madalas na maling gamit sa wikang Ingles. Sa ikalawang gawain (Graded Exercise 2.2), kinailangan nilang paunlaring muli ang kanilang sagot sa Graded Exercise 1.1 sa pamamagitan ng sariling pagsusuri sa mga pangungusap nito gamit ang iba't ibang baryasyon ng mga padrong pangungusap at retorikal. Sa ikatlong gawain (Graded Exercise 3.2), binasa nila ang gawain ng kapwa mag-aaral nang hindi nabubunyag ang identidad. Mula rito, kinakailangan nilang bumuo ng sampung tanong batay sa aming talakayan tungkol sa pagbuo ng mga tanong-pangungusap upang mapayabong ng may-ari ang kanyang talata. Sa Graded 4.1, ibinalik ko ang mga tanong sa may-ari at mula rito, pinahaba ng mga mag-aaral ang kanilang isang talata patungong isang sanaysay gamit ang mga tanong ko at ng kaklase bilang gabay. Dahil ispesipiko ang kanilang mga kuwento, ispesipiko rin ang mga tanong na kailangang ibigay sa bawat isa. Ang kanilang output rito ang pauunlarin para sa kanilang papel na salaysay-paglalarawan.

Tulad ng anumang gawaing minamarkahan sa klase, mahalaga ang pagbibigay ng pamantayan upang malinaw sa mga mag-aaral ang inaasahang kalidad ng kanilang mga isinulat. Para sa malalaking gawain, maagang ibinigay ang pamantayan, maging ang gabay at mga paalala sa mga mag-aaral upang maagap nilang malaman ang patutunguhan ng mga maliliit na gawain. Inilatag ko kaagad ang mga kahingiang may malalaking puntos sa umpisa ng linggo dahil isang buwan lamang ang aming programa at araw-araw ito at upang magkaroon rin ng ideya ang mga mag-aaral sa daloy ng mga gawain. Nagbigay-kumpiyansa rin ito sa mga mag-aaral lalo na pagdating sa pagtatasa dahil alam nila kung ano ang hinahanap sa kanilang mga isinulat. Maliban sa kalitatibong komento, alam nila ang distribusyon ng puntos. Maituturi ang mga maliliit na gawain ng mga mag-aaral bilang bahagi ng tugon batay sa puna ng guro at maituturi ito bilang bahagi ng dalawahang tugon (two-way feedback). Mahalaga ang dalawahang tugon para makita ng guro ang pag-unawa at pag-unlad ng mag-aaral sa

paksa at ang motibasyon sa pagkatuto (Mukhtar, et al., 4). DagdaG, nagpapakita ng suportang emosyonal at sosyal ang interaksyon sa pagitan ng guro, mag-aaral, at materyal na malalaking salik sa pagkatuto ((Mukhtar, et al., 4)

Malaki ang papel ng sistema ng pagtugon at pagpuna sa klase lalo pa at patungo sa kanilang pagsulat ng iba't ibang pang-akademikong papel ang mga gawain. Dalawang uri ng pagtugon ang aking ginawa para sa klase. Ang una ay personal o direktang feedback sa isinulat ng mag-aaral at tanging siya lamang ang nakakakita. Ginamit ko ang sistema ng pagtugon o pagpuna ng Google Classroom upang bigyan ng mga kalitatibong komento at marka ang mga output ng mga mag-aaral. Maliban pa sa personal na kalitatibo komento, nagbigay rin ako ng ilang paalala at tugon na mababasa ng lahat ng mga mag-aaral. Itinala ko ang mga madalas na pagkakamali o mga puwang sa pagpapaunlad, at lumikha ng pangkabuuang tugon o paalala mula sa mga ito sa pormang PDF. Naroroon ang mga bahaging kailangang paunlarin, ang mga paalala, at ang mas mabusising pagpapaliwanag kung papaano nila pauunlarin ang kanilang mga likha, lalo na ang mga pang-akademikong papel. Kung ang mga modyul namin ay mas pormal ang wikang gamit, sa mga pangkabuuang tugon ko, ang pagpapaliwanag ay mas nakagiya sa wikang pasalita na komportable sa lahat. Naglalagay rin ng mga meme na nilikha ko batay sa paksa at mga




*Litrato 2. Halimbawa ng Meme para sa Paksa ng Thesis Statement*

sikat na imahen upang maging malapit sa wika ng mga milenyal na mag-aaral tulad ng Litrato 2.

Imbis rin na pagtukoy kaagad sa negatibong aspekto ng mga isinulat, ibinigay muna ng mga magagandang aspekto at saka ibibigay ang mga puntos sa pagpapaunlad pang lalo ng papel. Dito pumapasok ang prinsipyo nina Thomas at Rogers (89) hinggil sa kahalagahan ng pagbibigay ng positibong tugon dahil ayon nga sa kanila, "nagsisilbi itong isang makapangyarihang pabuya para mas pag-igihin ang pagkatuto (aking salin)."

Ang kinakailangang habuling panahon sa pagbabalik ng mga gawain lalo pa at tatlumpu silang mag-aaral sa aking seksyon at araw-araw ang mga gawain at konsultasyon ang isa pang naging hamon sa akin. Dahil may kinalaman ang mga gawain patungo sa mga papel, kinakailangan ng mabilis na feedback sa kanilang mga gawa. Sa dulo ng semestre, natanto ko na maaari ito kung maliit ang bilang ng mag-aaral na hawak mo sa buong semestre. Hindi ko lubos maisip na ganito ang klase ng gawain ko sa isang regular na semestre kung saan ang isang guro ay humahawak ng apat o higit pang seksyon. Bagaman binanggit nina Ferri, Grifoni at Guzzo (8) na kailangang baguhin rin ang paraan ng pagbibigay ng tugon o puna sa mga gawain pagdating sa mga birtwal na klase. Sa pagtatasa gamit ang emergency remote learning sa aking klase, mas hitik ang interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral at minimal ang usap sa pagitan ng mga mag-aaral. Isang rekomendasyon para mapaunlad ang pagtatasa ay pagkakaroon ng pagsasanay ang mga guro sa paglikha ng mga planong pangklase na makababawas sa gawaing kognisyon at mas mag-eengganyo ng mga interaksyon sa pagitan ng mga mag-aaral (Ferri, et al., 8).

Isinagawa ko sa pamamagitan ng mga forum kung saan kinakailangang sagutin ang mga gabay na tanong at magbigay ng reaksyon o opinyon sa mga sagot ng kanilang mga kaklase ang huling kahingian ng kurso na partisipasyon ng klase . Halimbawa, para sa ikalawang forum, tinalakay namin ang kahalagahan ng pag-iwas sa plagyarismo sa pamamagitan ng pagsagot sa partikular na tanong na ito: "Why do you think there is an emphasis on the discussion of plagiarism and how to avoid it? What do you think will be role of such skills (i.e. paraphrasing, summarizing, and citing) in your life?

Mahalaga rin ang pagtatakda ng dedlayn sa mga gawain upang magkaroon ng sapat na oras ang guro na maibalik ang mga gawain kinabukasan. Sa loob ng araw na iyon rin kadalasan ang aking mga dedlayn dahil may iba na sa gabi pa nakakapag-aral. Bagaman may itinakdang petsa, may mga pagkakataon na hindi nakakasabay ang ilan sa mga mag-aaral rito. Halimbawa, may mga mag-aaral ako na nag-aabiso na mahuhuli ng pagsusumite dahil sa mabagal ang internet o nawalan ng internet. Sa mga pagkakataon nahuli sa pagsumite ang mag-aaral, tinanggap ko ito at tsinekan nang walang bawas sa marka, dahil nasa diwa ako na ang layunin ko para sa klase ay matuto sila. Sa gitna ng pandemya, inisip ko na rin na hindi iyon ang panahon para mawalan ng konsiderasyon lalo na para sa mga bagay na hindi nila kontrolado tulad ng internet o kuryente. Dito na pumapasok ang konsepto ng inklusibo ni Suzanne Kirschner (403) at ng UDL nina Charles Hodge at kanyang mga kasamahan.

## Ang Paraan ng Komunikasyon sa Asingkronus na Klase

Maliban sa paglikha ng isang organisadong LMS para sa mga mag-aaral, inihanda ko rin ang bukas na komunikasyon sa kanila. Sa kabuuang programa, apat ang midyum namin pangkomunikasyon: ang pampubliko at pribadong pagkokomento sa Google Classroom, Google Hangouts, mobile phone at Facebook group chat. Sa umpisa ng programa, ibinigay ko na sa kanila ang unang tatlong paraan, samantalang sila mismo bilang klase ang nagdesisyon ng ikaapat.

Mahalaga ang pagtatakda ng panuntunan sa onlayn na klase hinggil sa oras at paraan ng komunikasyon (Mukhtar, et al., 4). Sa umpisa rin, nagtakda ako ng oras na maaari lamang akong kausapin sa mga midyum pangkomunikasyon ngunit tuluyan na rin itong binura dahil sa aktwal na programa, may mga mag-aaral nanagsisimula ng kanilang pag-aaral sa gabidulot ng iba-ibang personal na rason,  kung kaya pumapayag ako na mayroong mga mensahe sa gabi. Ang naging usapan na lamang sa klase namin ay maging matiyaga sa paghihintay ng aking reply, lalo na sa mga oras labas sa oras ng opisina.  Ang Google Hangouts naman ang ginagamit ng mga mag-aaral kapag mayroon silang mga personal na paglilinaw o tanong at direkta ang mensahe sa akin.

Samantala, mas inisyatiba ng aking klase ang paglikha at paggamit ng Facebook group chat naman na upang magkakilanlan, lalo na at lahat sila ay mga papasok pa lamang sa unibersidad at walang kakilala sa programa. Ito na rin ang naging espasyo ng buong klase para lalong makilala ang bawat isa bagaman birtwal ang programa. Nakatutuwa dahil maituturing mas di-pormal at mas malawak ang baryasyon ng mga paksa ng mga interaksyon namin sa Facebook. May mga magagaang paksa tulad ng mga pinagkakaabalahan at ayaan na maglaro ng Mobile Legends. May mga tanong rin tulad ng ano ang dapat asahan sa kanilang magiging buhay sa Los Baños sakaling magkaroon na ng ligtas na balik eskuwela. Mayroon ring mabibigat pero napapanahong talakayan tulad ng usapang pulitika at opinyon lalo na sa mga tugon hinggil sa pandemya. May mga iba't ibang opinyon at kuro-kuro ngunit sa huli, kailangang ipaalala sa bawat isa na maaaring magpalitan ng opinyon nang walang personalan. Paminsan-minsan, may mga tanong rin na direktang may kinalaman sa mga klase at sinasagot ko ang mga ito para sa benepisyo hindi lamang ng nagtanong kundi ng buong klase. Paraan rin ito para makalahok ang lahat, anuman ang estado ng kanilang koneksyon dahil ayon na rin sa aking mga mag-aaral, mas aksesible sa kanila ang Facebook group chat kaysa sa Google Hangouts dahil sa libreng gamit ng Facebook sa data. Bagaman bahagi ng tinatasa sa remote learning ang komunikasyon at kolaborasyon sa pagitan ng mga mag-aaral (Hodge, et al.), dito na makikita ang limitasyon ng pagpapatupad ng emergency remote learning para sa programa. Limitado halos sa Facebook group chat na nilikha para sa di-pormal na mga usapin ang interaksyon sa pagitan ng mga mag-aaral. Nawala ang oportunidad para magtulungan at magpaunlad ng pagkatuto na kadalasan ay nangyayari sa loob ng isang silid-aralan.

Ang huling midyum namin sa komunikasyon ay ang tawag o text. Malaking bagay ito lalo na sa mga mag-aaral ko na naka-data. Mayroong mga gawain sa klase na pinahihintulutan kong ipasa ang sagot sa text tulad ng Graded Exercise 2.1 (Identification) dahil maiikli lamang ang mga sagot. Ginamit ito ng mga mag-aaral ko na may mahinang signal ng data para sa mga maiikling gawain at konsultasyon. May pagkakataon rin na gumamit ako ng tawag para gabayan ang isang mag-aaral habang inuunawa niya ang modyul.

Sa aking palagay, ang pagkakaroon ng ganitong bukas na komunikasyon ang nagpakampante sa akin at sa aking klase kahit na may mga pagkakataong nahirapan ako dahil apat ang minomonitor kong midyum. Bagaman hindi namin nakikita ang bawat isa, nakapagtatag ako ng imahen na madaling lapitan, bagay na gusto kong malikha sa klase lalo na at asingkronus kami. Kahit isang beses lamang nila akong nakita sa unang araw ng klase, nakalikha ako ng imahen na tao ang nasa likod ng screen at kanilang kausap.

## Buod, Konklusyon at Rekomendasyon

Malay na inihanda ang LMS, ang mga modyul katuwang ang mga kapwa guro, ang mga midyum ng komunikasyon at ang pagtatasa upang isulong ang inklusibong edukasyon sa gitna ng pandemya, lalo pa at dumaranas ng samu't saring pagsubok rin ang aking mga mag-aaral. Sa panahon na maraming pamilyang dumaraan sa krisis pinansya at adjustment sa tinatawag na bagong normal (new normal) at pagtatrabaho at pag-aaral sa bahay, mahalaga ang pag-unawa sa sitwasyon ng bawat isa. Natuklasan ko sa kanilang mga sanaysay na hindi iba ang kanilang kuwento sa mga nababasa kong balita. Ilan sa aking mga mag-aaral ay gumagampan ng maraming papel sa bahay at dumaraan sa mga pagsubok – mayroong tumutulong sa bagong business ng kaniyang mga magulang para makatulong, mayroong nag-aalaga o nagtuturo sa mga nakababatang pinsan o kapatid, mayroong nagkaroon ng problemang mental, mayroong kinakailangang humanap ng paraan para makapagpaload at makasali sa klase. Ang mga ito ay buhay na karanasan ng mga mag-aaral na dapat isaalang-alang ko bilang guro. Isinaalang-alang sa paghahanda ng programa ang usapin ng pagiging inklusibo at kaangkupan sa sitwasyon ng guro at mga mag-aaral, dalawang katangian ng emergency remote learning. Sa ganitong uri ng estratehiya, bagaman kapos sa oras ng paghahanda kung ikukumpara sa anim na buwang pinakamaikling panahong inilalaan sa online learning, tiniyak na makalalahok ang lahat ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng asingkronus na daloy ng klase. Mahalaga ang ganitong pagsasalaysay ng karanasan at pagtatasa ng emergency remote learning sa programa upang magsilbing gabay rin ng iba pang mga guro, lalo na at ang mga sakunao kaguluhan.

Bahagi ng pagtatasa ang pagsasalaysay ng karanasan bilang isang guro ng emergency remote learning parasa programang ekstensyon ng unibersidad dahil sa ganitong dokumento maipapakita ang mga malay na desisyon at proseso sa paghahanda at pagtugon sa mga pagsubok sa pagpapatupad ng emergency remote learning.

Una, isinalysay sa papel na ito ang proseso sa pagpili at pagsasaayos ng aking learning management system para sa klase. Nagdesisyon na gawing asingkronus ang klase upang magkaroon ng oportunidad ang lahat ng mga mag-aaral na makalahok sa Bridge Program. Dahil rito, kinailangang buuin ang estruktura ng LMS para umangkop sa moda ng pagtuturo.

Ikalawa, isinulat ang mga modyul upang tugunan ang isyu ng copyright at ang bentahe ng pagkakaroon ng modyul imbis na babasahin o teksto dahil nakapaloob na rin sa mga ito ang mga pagsasanay at gawain. Kahit na maikling panahon lamang ang naibigay para isulat ang mga modyul, mayroon nang estruktura at laman ito na maaaring paunlarin sa mga susunod na pagsasagawa ng Bridge Program. Malaking bentahe ang pagsusulat ng sariling modyul dahil nakahubog ito sa mismong klase.

Ikatlo, nilikha rin ang mga gawain na magkakaugnay at makatutulong sa pagsusulat nila ng mga sanaysay. Ang pagtatasa ang isa rin sa pinaglaanan ng oras para sa asingkronus na klase sa programa dahil nakikita ang mahalagang papel ng mga pagtugon at pagpuna sa pagsasanay na sumulat lalo na at walang videoconferencing na nangyari sa klase. Partikular na gumamit ng mga personal na tugon o puna sa bawat gawain ng mag-aaral at ng pangkalahatang tugon o paalala na nagsisilbing dagdag na lektura na rin, gamit ang wikang pasalita at mga meme bilang paalala at pagpapaunlad ng mga mag-aaral sa kanilang pagsusulat. Ginawang mga forum ang mga dati rati ay mga talakayan sa loob ng silid-aralan. Mahalaga ang pagtatala at pagtasa  mabilis at angkop na mga tugon at puna sa isang emergency remote learning para sa pagpapaunlad ng pagkatuto at pagtugon sa mga kinakailangang paunlarin. Higit na kailangan ito sa isang emergency remote learning, lalo na sa isang konteksto na hindi nagkikita mukha sa mukha ang guro at mag-aaral, kahit onlayn.

Huli, isinalaysay ang paggamit ng Google Classroom, Google Hangouts, Facebook group chat at selpon bilang mga paraan ng komunikasyon sa klase. Isinalaysay na ginamit ang Google Classroom at Hangouts para sa mga personal na mensaheng tungkol sa mga paksa o kondukta ng klase. Samantala, ginamit ang tawag at text para sa mga gawaing kayang isumite gamit ito, lalo na sa panahong walang mobile data o internet ang mag-aaral. Ginamit naman ang Facebook group chat para mas mapalalim ang relasyon ng mga mag-aaral bagaman hindi pa talaga sila nagkikita-kita at makapag-usap labas sa klase. Makikita rito ang limitasyon ng emergency remote learning na ipinatupad sa programa sa usapin ng interaksyon at kolaborasyon sa pagitan ng mga mag-aaral.

Masasabing matagumpay na naisagawa ang pagpapatupad ng emergency remote learning sa UPLB Bridge Program para sa maikling panahong ibinigay. Malaking bagay rito ang paggamit ng mga risors na mayroon na ang guro at ang mga mag-aaral at aksesible sa kanila. Mula sa pagtatasa ng danas sa pagpapatupad ng isang emergency remote learning tulad nito, mapaghalawan ng mga guro ng mga mahuhusay na estratehiya at mga puwang rin sa pagpapaunlad sa pagpapatupad ng emergency remote learing. Kung tutuusin, maaaring paunlarin ang mga pag-aaral sa remote learning ng mga ganitong programa sa pamamagitan ng mga sumusunod: paggalugad sa mas angkop at aksesibleng LMS para sa klase, paglikha at pagpapaunlad ng mga modyul lalo na sa mga taunang programa o kurso, pagsasagawa ng mga kalitatibo at kantitatibong ebalwasyon sa paraan ng pagtatasa. Dagdag, mahalaga ang pagtatala at pagtatasa ng mga karanasan ng mga guro sa emergency remote learning sa iba-ibang antas at iba-ibang programa. Huli, mahalaga rin ang mga naratibo ng mga Pilipinong mag-aaral, anumang antas o programa, sa emergency remote learning dahil hindi hiwalay ang mga karanasang ng mga guro at mag-aaral.

## MGA SANGGUNAN

*Academic Contingency Plan in the Light of COVID-19*, University of the Philippines Office of the Vice President for Academic Affairs, 9 March 2020.

*Academic Contingency Plan in the Light of COVID-19: Part II*, University of the Philippines Office of the Vice President for Academic Affairs, 12 March 2020.

*Academic Plans for AY 2020-2021 and Timetable for Dialogues with Faculty, Students, Staff and Concerned Parents*, University of the Philippines Office of the Vice President for Academic Affairs, 19 June 2020.

Bruner, Jerome. Life as Narrative. *Social Research*, Vol. 71, No. 3, 2004.

Chan, Esther Yim Mei. Narrative Inquiry: A Dynamic Relationship between Culture, Language and Education. *Australian Journal of Teacher Education,* Vol. 42, No. 6, 2017.

Clandinin, D. Jean at J. Huber. Narrative Inquiry. Sa Penelope Peterson, Eva Baker & Barry McGaw (Eds.), *International Encyclopedia of Education*, 3rd Edisyon. Oxford: Elsevier, 2010.

Craig, Cheryl J. Narrative Inquiry in Teaching and Teaching Education. *Narrative Inquiries into Curriculum Making in Teacher Education Advances in Research on Teaching*, Vol. 13. 2011.

Crump, Sara Lyn. A Narrative Inquiry into Experiences of Teaching Reading. Diss. University of Missouri-Kansas City, 2018. Web. https://mospace.umsystem.edu/xmlui/handle/10355/63245, Inakeses noong 4 May 2021.

Ferri, Fernando, Patrizia Grifoni and Tiziana Guzzo. Online Learning and Emergency Remote Teaching: Opportunities and Challenges in Emergency Situations. *Societies,* Vol. 10, No. 86, 2020.

Hodges, Charles, Stephanie Moore, Barb Lockee, Torrey Trust and Aaron Bond. *The Difference between Emergency Remote Teaching and Online Learning*. Educause Review, March 27, 2020. https://er.educause.edu/articles/2020/3/the-difference-between-emergency-remote-teaching-and-online-learning, Inakses noong 12 Oktubre 2021.

Jonas, Joshua Michael. *254 freshies complete LRC's online Bridge Program.* University of the Philippines Los Baños, September 3 2020, https://uplb.edu.ph/academic/254-freshies-complete-lrcs-online-bridge-program/, Inakses noong 12 Pebrero 2021.

Kirschner, Suzanne R. *Inclusive Classrooms.* Sa W. George Scarlett (Ed.), The Sage Encyclopedia of Classroom Management, Sage Publications, Inc., 2015.

McGarth, Ian and Stephen Bailey. Bridging Programmes: Preparation for Undergraduate Study through the Medium of English: An International Perspective. Centre for British Teachers, 2009. Web. https://www.educationdevelopmenttrust.com/EducationDevelopmentTrust/files/9f/9f81a69e-4af6-4f89-9cb3-3b924cf43314.pdf, Inakses noong 04 May 2021

Mukhtar, Khadijah, Kainat Javed, Mahwish Arooj and Ahsan Sethi. Advantages, Limitations and Recommendations for Online Learning during COVID-19 Pandemic Era. *Pak J Medi Sci,* Vol. 36 No. COVID19-S4, 2020 May.

Rahiem, Maila D. H. The Emergency Remote Learning Experience of University Students in Indonesia amidst the COVID-19 Crisis. *International Journal of Learning, Teaching, and Educational Research,* Vol. 19, No. 6, 2020.

Santos, Ana P. *In the Philippines, Distance Learning Reveals the Digital Divide.* Heinrich Boll Stiftung Brussels. 2020 October 6, https://eu.boell.org/en/2020/10/06/philippines-distance-learning-reveals-digital-divide, Inakses noong 05 Enero 2021.

*Suspension of Classes in All UP Constituent Universities except UP Open University, Lifting of Deadline for Dropping and Filing of Leave of Absence for the Second Semester AY 2019-2020,* University of the Philippines Office of the Vice President for Academic Affairs, 17 March 2020.

Thomas, Michael. S. C. and Cathy Rogers. Education, the Science of Learning, and the COVID-19 Crisis. *PROSPECTS,* Vol. 49, 2020. pgs. 87-90.

Widya, Tresna, Asri Siti Fatimah and Santiana Santiana. Students' Feedback as a Tool for Reflection: A Narrative Inquiry of an Indonesian Pre-service Teacher. *Teaching and Learning English in Multicultural Contexts,* Vol. 4, No. 1. 2020.

Vollbrecht, Peter J., Kirsten A. Porter-Stransky and Wendy L. Lackey-Cornelison. Lessons Learned While Creating an Effective Emergency Remote Learning Environment for Students during the COVID-19 Pandemic*. Adv. Physiol Educ,* Vol. 44, 2020.